# Malimot Pa Kaya Ng Ating Lipunan

[illegible]

***BAKAS NG NAKARAAN:***

*Palihim na pumasok si Emma sa malaking bakuran ng kanilang tahanan. May kausap na bata rin ang isa niyang anak. Narinig niyang sinabi ng kanyang anak, na ang pagkaalam nito ay nagsakit siyang nakahahawa at maaaring mamatay siya sa sakit na yaon, ayon naman sa paliwanag ni Lauro. Nakita si Emma ni Lauro. Ipinagtabuyan siya. Sinumbatan siya ni Lauro. Umalis si Emma. Nagtuloy si Emma sa bahay ng kaibigan niyang si Nena. Pagkaraan ng dalawang araw ay nabalitaan ni Emma, na si Lauro at ang dalawa nilang anak ay nagtungo sa Hongkong...*

(Ika-27 Labas)

ANG usaping Lauro Arrastia laban kay Emma Barcelona ay naging pangmukhang balita ng maraming pahayagan sa buong Maynila. Walang pagtitipon na hindi ito ang paksa ng usapan. Ang katanyagan ni Emma sa lipunan, at ang kanyang pangalang laging kakabit ng mga kilusang pambayan at pangkawanggawa ay naging bukambibig ng lahat. Hindi pa man natatapos ang paglilitis ay kung anu-anong pasiya na ang nabubuo sa isip ng tao. May nagbibigay katwiran kay Emma at may sumusumpa naman!... Sari-saring hinala ang binalangkas sa isipan ng marami tungkol sa sanhi ng pagkakalayo ng dati-dati'y ulirang mag-asawa. Hayan ang sabihing si Emma ay nabulag sa pag-ibig ng isang pinuno ng hukbo, hayan ang sabihing ang kanyang buhay sa piling ng asawa ay isang buhay na tigib ng paghihirap at pagtitiis dahil sa ugali at kabagsikan ng mayamang lalaki...

Ang kanilang pagsasagutan sa pahayagan, ang pagpapaliwanagan ng mga mananggol tungkol sa katwiran ng isa at isa ay hindi nakakaligtaan ng bayan na di basahin at nuynuyin. May mga balita na labis kung sumugat sa damdamin. Hayan ang sabihing si Emma ay di dapat maging ina ng dalawang bunso, isang inang dahil sa makasalanang pag-ibig ay natutong iwan ang tahanan, pinabayaan ang mga anak at kinaladkad, ang puri ng asawa sa putik ng pagkakasala...

Sa panig naman ni Emma ay ibinandila ang kahigpitan ng asawa, ang kabagsikan, ang ugaling makahari na siyang nagtaboy sa kulang-palad na babae na iwan ang tahanan at hanapin ang kaligayahan sa piling ng iba...

Anupa't ang usapin ng mag-asawa'y naging bulaklak ng dila ng lahat, sinubaybayan ang mga pangyayari sa mga lingguhan at pahayagang pang-araw-araw.

Datapuwa't ang katarungan at ang batas ay may isang patakarang dakila at banal. Ang ganitong suliranin ng mag-asawa ay di agad pinagpasyahan. Ang pinagbigkis ng pag-ibig sa harap ng batas at sa harap ng altar ay hindi kaagad-agad makakalas sa kabiglaanan at sa kapusukan ng loob. Kailangan silang maghusay... kailangan silang huminahon. Kailangang bigyan sila ng panahong lumamig ang naglalatang na kalooban upang baka lamang sa kabiglaanan

